REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-200

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA PUNONG BAYAN, KGG. IGNACIO R. BUNYE, ANG MADALIANG PAGSASAGAWA NG PANIBAGONG PAGSOSONA NG MGA LUPA SA BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA DAHIL SA HINDI NA TUMUTUGON SA PANGKASALUKUYANG PANGANGAILANGAN ANG UMIIRAL NA "ZONING PLAN" PARA SA MUNTINLUPA NA ISINAGAWA PA NOONG 1981 AT ANG PAG-AATAS SA TANGGAPAN NG TAGA-PLANO NG PAGPAPAUNLAD NG BAYAN NA MAGSAGAWA NG NATURANG PAGSOSONA SA LALONG MADALING PANAHON AT ANG PAGHAHARAP NG GAGAWING BAGONG ZONING PLAN/ZONING ORDINANCE SA SANGGUNIANG BAYAN PARA SA PAGPAPATIBAY NITO.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang zoning plan ng isang bayan ay nagsasaad ng pagkakahati-hati ng gamit ng lupa katulad ng pamahayan, pangkalakal, institusyunal at iba pa at sang-ayon sa antas ng paggamit dito;

SAPAGKAT, ang zoning plan ay nagsasaad rin kung saan nais ng pamunuan ng bayan maganap ang paglaki at pag-unlad ng ilang partikular na lugar;

SAPAGKAT, ang zoning plan ng Bayan ng Muntinlupa ay noon pang 1981 huling ginawa;

SAPAGKAT, marami nang pagbabagong nangyari sa maraming lugar sa Muntinlupa na kadalasan ay nagpapabago sa pangkalahatang anyo ng gamit ng lupa at dahil sa ganitong kadahilanan ay ginagawang makaluma o lipas na ang umiiral na zoning plan;

SAPAGKAT, ang isang zoning plan ay dapat sanang nirerepaso at binabago tuwing ika-limang taon matapos huli itong gawin;

SAPAGKAT, isa sa mga isyu na lumitaw sa seminar sa zoning na ginanap noong ika-8 ng Mayo, 1991 sa Sugbu-anon Restaurant, na dinaluhan ng mga kagawad ng Sangguniang Bayan, mga Puno ng Barangay at mga piling pinuno ng Tanggapan ng Pamahalaang Bayan, ay ang mahigpit na pangangailangan na pagsasagawa ng panibagong plano at batas hinggil sa pagsosona sa Bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang mga karatig-bayan ng Muntinlupa katulad ng Las Pinas ay matagal ng nagsasagawa ng panibagong pagsosona ng kanilang bayan at kung hindi natin kaagad gagawin ang katulad na aksiyon ay baka maiwanan tayo ng panahon;

SAPAGKAT, ang Tanggapan ng Taga-Plano ng Pagpapaunlad ng Bayan ang siyang sentral na taga-planong yunit ng pamahalaang bayan na nakakaalam at tumitingin kung ang isang aktibidad ay naaayon sa "Comprehensive Development Plan" ng ating pamahalaang bayan;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan ang kapasiyahan na hilingin sa Kgg. Ignacio R. Bunye, Punong Bayan ang madaliang pagsasagawa ng panibagong pagsosona ng mga lupa sa bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila dahil sa hindi na tumutugon sa pangkasalukuyang pangangailangan ang umiiral na "zoning plan" para sa Muntinlupa na isinagawa pa noong 1981 at ang pag-aatas sa Tanggapan ng Taga-plano ng Pagpapaunlad ng Bayan na magsagawa ng naturang pagsosona sa lalong madaling panahon.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 163rd pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-15 ng Hulyo 1991 sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts